AHA! LEARNING CENTER'S
ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

**BATA MAY TANONG KA BA TUNGKOL SA COVID-19?**
**FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL**
**Lesson 13**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Dapat Gawin kapag Nag-aalaga ng may Sakit".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

| **Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 13** |
|---|
| Source: Department of Health |
| **I.PAGBATI**<br>Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. 🎊❓<br><br>**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**<br>Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Ryan ng Antipolo City.<br><br>📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:<br><br>Teacher, si Ate po ay maysakit. Ano pong pwede kong gawin para po makatulong sa pag-aalaga sa kanya?<br><br>**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**<br>Magandang Araw, Ryan!<br><br>Salamat sa iyong katanungan. 🤗<br><br>--<br><br>Bilang bata ang maaari mong gawin upang makatulong sa pag-aalaga ng iyong |

mga kapamilya ay ang pagsunod sa mga inutos sa iyo ng mga magulang katulad ng pagkuha ng tubig 💧, gamot 💊, o pagkain 🍱, o di kaya'y paghahanda ng pamunas 🧽 ng maysakit na kamag-anak 🤒, at paglilinis ng bahay. 🧹🏠

Higit sa lahat, pwede kang makatulong sa kanila kung mananatili kang hopeful at masayahin sa buhay. Pasayahin natin ang ating mga kamag-anak na maysakit at iparamdam natin sa kanila na sasamahan natin sila hanggang sa paggaling. 😉

(Maging ball of sunshine tayo ng ating kapamilya. Ire-charge natin sila gamit ang ating mga nakakahawang ngiti. Ating tandaan na malalagpasan natin ang pagsubok na ito nang sabay-sabay at magkakasama. 🌞)

**IV.✊ HAMON**

Dagdag pa rito, bilang pag-iingat at pag-iwas na kumalat ang sakit sa loob ng inyong bahay, LAGING TANDAAN na: 🏠

(1) Magsuot ng facemask kapag kasama sa silid ang kamag-anak na may sakit. 😷

(2) Punasan ang mga bagay na madalas gamitin gamit ang basahan na may bleach. 🧽🚪📱

(3) Ugaliin ang regular na paghuhugas ng kamay gamit ang tubig at sabon 🧼🤲. Kung hindi makapaghugas, gumamit ng alcohol-based sanitizer na may 70% solution bago at pagkatapos hawakan ang maysakit na kamag-anak. ➕

(4) At, iwasan ang malapitang pakikipag-usap sa may sakit na kamag-anak 🙅🏻‍♂️🤒. Panatilihin ang isang metrong distansya mula sa may sakit na kamag-anak kung hindi maiiwasan ang pakikipag-ugnayan. 🤒 😊

Ayan! Tunay ngang may partisipasyon pa rin ang mga bata sa laban kontra COVID-19.

Mga bata, huwag kakalimutang palakasin at pagaanin ang loob ng bawat isa sa ating pamilya 👨👩👧. Panatilihin din natin ang kalinisan sa loob ng bahay, at alagaan ang ating sarili upang itaboy at paalisin ang mga bacteria, germs, at viruses na tumatambay dito. 🏠🧹❌🦠

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Tama o Mali. Magsuot ng face mask kapag kasama sa silid ang kamag-anak na may sakit.
🔎 Tama o Mali. Panatilihin ang dalawang dipang layo o kalahating metro sa may sakit na kamag-anak.
🔎 Tama o Mali. Maging ball of sunshine tayo ng ating kapamilya.
🔎 Bilang bata, ano ang mga maaari mong gawin upang makatulong sa pag-aalaga ng iyong mga kapamilyang may sakit?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻‍🏫

Magkita-kita ulit tayo sa susunod para sa "Bata, may tanong ka ba tungkol sa COVID-19?" 👧🏻👦🏻❓

Maraming salamat sa pakikiisa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."